# المسيح الدجال باللغة الفلبينية

# SI ANTIKRISTO SA TURO NG ISLAM

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Hindi ba natin naitatanong sa ating sarili, ano ang pinakamalalang pagsubok na mangyayari dito sa lupa mula sa panahon ni Adan عليه السلام hanggang sa Araw ng Paghuhukom, kung saan walang Sugo na ipinadala kung hindi siya ay nagbabala tungkol dito.

Ito ay sinungaling at bulag ang isang mata, kanyang aangkinin na siya ay panginoon upang makapagligaw, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ tungkol kay (**Dajjal)** o Antikristo: "Kapag siya ay dumating at ako ay inyong kasama, ako ay sapat na para sa inyo laban sa kanya, ngunit kung ako ay wala na, ang bawat isa sa inyo ay iligtas ang sarili, Ang Allah ﷻ ang papalit sakin upang magligtas sa bawat muslim".

Makikilala siya sa kanyang katangian, siya ay kulay moreno, maiksi na malapad, nakikita ang kanyang noo na may nakasulat dito sa pagitan ng kanyang dalawang mata na salitang **(Kafir)** ibig sabihin hindi mananamplataya. Ito ay mababasa lamang ng Muslim marunong man bumasa o hindi.
Isa rin sa kanyang katangian ay ang kanyang kanang mata ay bulag na parang ubas na walang kulay, at siya rin ay baog, hindi magkakaroon ng anak.

Ang kanyang paglabas ay isa sa malaking palatandaan ng Araw ng Paghuhukom, siya ay lalabas sa silangang parte ng Khurasan o kilala na Iran sa araw na ito, may susunod sa kanya na pitumpung libo na Hudyo

mula sa Asbahan. Siya ay tutungo papunta ng gitnang silangan, dadaan ng Sham at Iraq para makapasok ng Makkah at Madinah, ngunit siya ay hindi makakapasok ng Makkah at Madinah dahil siya ay pipigilan ng mga Anghel.

Isa sa kanyang pagsubok ay tuwing sa kanya ay may mananampalataya, ito ay bibigyan niya ng ulan, at tutubo ang mga pananim sa kanilang lupa, habang ang mga tao na hindi maniniwala sa kanya sila ay kanyang iiwanan na walang biyaya na makukuha.

Isa rin sa kanyang pagsubok ay may lalapit sa kanya na batang mananampalataya, nakikilala siya sa kanyang mga palatandaan at sasabihin: "Ako ay sumasaksi na ikaw si Antikristo, ikaw ang tinutukoy sa amin ng Propeta Muhammad ﷺ".

At sasabihin ni Antikristo: "Kung ang bata na ito ay aking papatayin at muling bubuhayin, kayo ba ay magkakaroon pa rin ng duda?". Kanilang isasagot: "Hindi".

Ipapakita sa kanila na ang batang ito ay papatayain at muling bubuhayin,

Ang bata ay sasagot (Pagkatapos niya muling mabuhay): "Mas napatunayan ko ngayon na ikaw talaga si **Dajjal** (Antikristo)". Muli itong papatayin ni Antikristo ngunit hindi niya magagawa.

Si Propeta Eisa bin Maryam عليه السلام ay bababa mula sa langit, at sila sa kanyang kamay mamamatay si Antkristo.

Dito natin malalaman na ang kaligtasan sa pagsubok na ito ay nakasalalay sa ilang bagay:

**Una**: Ang mahigpit na paghawak sa turo ng Islam at pagkakaroon ng tamang pananampalataya.

**Pangalawa**: Ang kilalanin si Allah ﷻ sa kanyang mga magagandang pangalan at totoo na katangian, hindi maaari na si Allah ﷻ ay may kabawasan katulad ni Antikristo na bulag ang isang mata.

**Pangatlo**: Ang kabisaduhin ang unang sampung kabanata ng Suratul-Kahf.

**Pang-apat**: Ang paghingi mula sa Allah ng pagkupkop laban sa pagsubok na ito, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : " Sinuman mula sa inyo ang matapos sumaksi sa huli ng kanyang dasal, siya ay humingi ng pakupkop mula sa Allah ﷻ laban sa apat: laban sa parusa ng impiyerno, parusa ng libingan, at laban sa pagsubok na buhay at kamatayan, at laban sa pagsubok ng Dajjal (Antikristo)".

*(Allahumma inni A'udhu bika min adhaabi Jahannam, Wa min a'dhaabil Qabar, Wa min fitnatil Mahyaya wa Mamaat, Wa min fitnatil masihad-dajjal).*

والله تعالى أعلم...